Republic of the Philippines
**SANGGUNIANG BAYAN**
Taytay, Rizal

*PK Blg. 2304-061*

**KAPASYAHAN BLG. 202 serye ng 2023**

# PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NG DATING PUNONG BAYAN NG TAYTAY, KGG. RICARDO J. RUFINO AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG LINGKOD BAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL

May Akda: Kon. Philip Jeison J. Cruz
Nagpanukala: Pangalawang Punong Bayan Sophia Priscilla L. Cabral
Kon. Jan Victor B. Cabitac
Kon. Ma. Jeca B. Villanueva
Kon. Patrick John P. Alcantara
Kon. Jean Lalaine P. Calderon
Kon. John Tobit E. Cruz
Kon. Joanne Marie P. Calderon
Kon. Ma. Elaine T. Leonardo
Pangulo LnB Rufe C. Tapawan
Pangulo Ped. SK Zyrell May B. Villanueva

SAPAGKAT, ang dating Punong Bayan ay naglingkod sa Bayan ng Taytay noong ika-27 ng Nobyembre 1981 hanggang ika-24 ng Marso 1986;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkuran ay nagpamalas siya ng ibayong sipag, talino, kababaang-loob at dedikasyon na nakatulong sa pagpapaunlad sa pamayanan at nagbigay ng hindi matatawarang serbisyo sa Bayan ng Taytay;

SAPAGKAT, ang buong Bayan ng Taytay, sa pangunguna ng Punong Bayan Allan Martine S. De Leon, MPA at ang bumubuo ng 12th Sangguniang Bayan ng Taytay ay nagpapaabot ng panalangin para sa mapayapang paglalakbay ng kapwa lingkod bayan na yumao kamakailan;

LUBUSANG PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagpapasya, ang PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NG DATING PUNONGBAYAN NG TAYTAY, KGG. RICARDO J. RUFINO AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG LINGKOD BAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL.

PINAGPASYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-19 ng Abril, 2023, 3:04 ng hapon dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng kapasyahan ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-41 Pangkaraniwang Pulong ng ika-19 ng Abril, taong 2023 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**STANLEE D. CALMA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. SOPHIA PRISCILLA L. CABRAL**
Pangalawang Punong Bayan / Tagapamatnugot

**KGG. JAN VICTOR B. CABITAC**
Konsehal

**KGG. MA. JECA B. VILLANUEVA**
Konsehal

**KGG. PHILIP JEISON J. CRUZ**
Konsehal

**KGG. PATRICK JOHN P. ALCANTARA**
Konsehal

**KGG. JEAN LALAINE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. JOHN TOBIT E. CRUZ**
Konsehal

**KGG. JOANNE MARIE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. MA. ELAINE T. LEONARDO**
Konsehal

**KGG. RUFE C. TAPAWAN**
Pangulo ng Liga ng mga Barangay

**KGG. ZYRELL MAY B. VILLANUEVA**
Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan